

PARA SA AGARANG PAGLABAS**Mga residente ng Brampton hinihikayat na tingnan ang mga detalye sa MPAC's voterlookup.ca**

BRAMPTON, ON (Abril 14, 2022) – May kulang-kulang 200 araw hanggang sa darating na 2022 Brampton Municipal and School Board Election sa Oktubre, panahon na para mag-umpisa sa pagpaplanong bumoto. Hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na bisitashin ang voterlookup.ca para matiyak na nasali sila sa Paunang Talaan ng mga Pipili at na ang lahat ng impormasyon ay tama.

Pinanatili ng Municipal Property Assessment Corporation (MPAC) ang Pangunahing Talaan ng mga Botante, na gagamitin sa paghahanda ng Talaan ng mga Botante para sa halalan. Ang Voterlookup.ca ay isang madaling gamitin na online service na ibinibigay ng MPAC.

Mga Highlight:

- Ang isang karapat-dapat na boboto sa 2022 Brampton Municipal and School Board Election ay isang tao na hindi bababa sa 18 taong gulang, isang Canadian citizen, at isang residente ng Brampton, o isang may-ari ng propyedad o nangungupahan sa Brampton o asawa ng nasabing may-ari o nangungupahan
- Para kumpirmahin na ang iyong impormasyon ay tumpak na naitala para sa darating na Halalan ng Munisipalidad, pumunta sa voterlookup.ca at ilagay ang iyong munisipalidad, kumpletong pangalan, petsa ng kapanganakan, at alinman sa address ng iyong propyedad o numero ng assessment roll.
- Kahit na ikaw ay nasa Talaan ng Botante sa naunang Halalan ng Munisipyo, tingnan ang listahan ngayon para ma-verify na tama ang iyong mga detalye.
- Kung ikaw ay naging 18 taong gulang sa nakalipas na ilang taon, bago lang lumipat papunta sa o sa loob ng Brampton o isang bagong Canadian citizen, i-update ang iyong impormasyon sa voterlookup.ca.
- Ang pambansang halalan ay magaganap din sa taon na ito sa Hunyo 2. Ang mga residente ay hinihikayat na tingnan ang talaan ng mga botante ng lalawigan sa eregistration.elections.on.ca para kumpirmahin o i-update ang kanilang impormasyon.

Para malaman ang mas marami pa, bisitahin ang voterlookup.ca o makipag-ugnayan sa 1.866.296.6722 o TTY 1.877.889.6722.

Quote

“Ang pagkumpirma na ang iyong impormasyon ay tama sa voterlookup.ca ng MPAC ay isang mahalagang unang hakbang para maghandang bumoto sa 2022 Brampton Municipal and School Board Election. Ang mga karapat-dapat na botante ay makakatiyak na ang kanilang impormasyon sa talaan ay up-to-date at tumpak para makatulong sa pagtitipid ng panahon sa kanilang lokasyong pagbobotohan sa Araw ng Botohan.”

- *Peter Fay, City Clerk at Returning Officer, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca